# WASHINGTON

## Kagawaran ng Kalusugan ng Estado
## Sertipikadong Home Care Aide

# Bulletin ng Impormasyon ng Kandidato

Epektibo sa Pebrero 29, 2024

**Paglalathala mula sa Prometric**

**Pagbibigay ng Mga Pagsusulit sa Paglilisensya para sa Estado ng Washington**

Copyright© 2024 Prometric LLC
Nirebisa 01182024

PROMETRIC

# Mga Nilalaman

**Panimula ........ 1**

Isang Mensahe mula sa DOH at Prometric ........ 1
Sa isang Sulyap ........ 1

**Proseso ng Aplikasyon sa Pagsusulit ........ 2**

Mga Lokasyon ng Pagsusulit ........ 2
Pasilidad na lugar ng pagsusulit ........ 2
Pangrehiyon na lugar ng pagsusulit ........ 2
Sulat para Kunin ang Pagsusulit ........ 3
Impormasyon ng bayarin ........ 3
Mga Akomodasyon sa Espeysal na Pagsusulit ... 3
Muling Pagpapa-iskedyul ng Appointment ........ 4

**Buod ng Pagsusulit ........ 4**

Pagsusulit sa Kaalaman ........ 4
Balangkas ng Nilalaman ng Pagsusulit ........ 5
Balangkas ng Nilalaman ng Pagsusulit sa Kaalaman 5
Pagsusulit sa Kasanayan ........ 5
Mga kandidatong gumaganap bilang kliyente ... 6

**Pagkuha sa iyong Pagsusulit ........ 7**

Ang Dadalhin sa Pagsusulit ........ 7
Mga Patakaran ng Sentro ng Pagsusulit ........ 8
Mga Resulta ng Pagsusulit Mo ........ 10
Pagsusulit sa kaalaman ........ 10
Pagsusulit sa kasanayan ........ 10
Pagrepaso sa Pagsusulit sa Kaalaman ........ 10
Proseso ng Apela ........ 11

PROMETRIC

# Panimula

## Isang Mensahe mula sa DOH at Prometric

Iniaatas ng batas ng estado ng Washington sa mga 1articular na mangagawa ng pangmatalagang pangangalaga na kumuha ng sertipikasyon para sa home care aide. Ang Kagawaran ng Kalusugan ng Estado ng Washington (Department of Health, DOH) ang may pananagutan sa pangangasiwa sa pagbibigay ng pagsusulit at pag-iisyu ng sertipikasyon sa mga taong nakapasa sa pagsusulit.

Nakipagkontrata ang DOH sa Prometric Inc., para pangasiwaan ang pagsusulit sa Sertipikasyon ng Home Care Aide ng Estado ng Washington (Home Care Aid, HCA). Inilalarawan ng bulletin na ito ang paraan ng pagpaparehistro at pagkuha ng pagsusulit sa HCA.

## Pebrero 29, 2024: BAGONG APLIKASYON AT PAGSUSULIT

**DAPAT MAGBIGAY ANG MGA APLIKANTE NG EMAIL ADDRESS PARA MAISKEDYUL SA PAGSUSULIT.**

Ang written at oral na pagsusulit ay pinagsama sa iisang pagsusulit sa Kaalaman; maririnig ng lahat ng aplikante ang oral na pagsusulit kapag sila'y kumuha ng pagsusulit. Karamihan sa pagsusulit sa kaalaman ay true o false na tanong na may ilang larawan at maiikling animation.

Ang magkahiwalay na aplikasyon para sa sertipikasyon ng DOH at pagsusulit sa Prometric ay pinagsama sa iisang form ng aplikasyon. Ipapadala ng mga unang beses na kukuha ng pagsusulit ang kanilang mga aplikasyon sa Kagawaran ng Kalusugan ng Estado ng Washington (DOH) na siyang mag-aabiso sa Prometric kapag puwede nang kumuha ng pagsusulit ang isang aplikante. Makakatanggap ang mga kandidato ng notipikasyon sa email mula sa Prometric na may mga tagubilin para sa pag-iskedyul at pagbabayad sa pagsusulit. Para i-access ang website at aplikasyon ng DOH, mag-click **dito**.

Ang lahat ng kukuha ulit ng pagsusulit ay mag-aaplay, magbabayad, mag-iiskedyul ng pagsusulit nang direkta sa Prometric sa portal ng Home Care Aide ng WA na makikita sa http://www.prometric.com/wadoh

## Sa isang Sulyap

Sundin ang mga hakbang na ito kung nais mong kumuha ng pagsusulit sa HCA:

### Para kumuha ng pagsusulit sa HCA at matanggap ang iyong sertipikasyon

1. Ipadala ang kumpletong form ng **Aplikasyon sa Pagsusulit sa Home Care Aide** sa DOH.
2. Gamitin ang mga nakasaad na nilalaman sa gabay na ito para maghanda sa iyong pagsusulit.
3. Gawin ang nakaiskedyul na pagsusulit. Tiyakin na dala mo ang kinakailangang identipikasyon (ID) sa lugar ng pagsusulit.
4. Kapag nakapasa ka sa pagsusulit at natugunan ang lahat ng iba pang kinakailangan para sa pagkakaroon ng lisensya, mag-iisyu sa iyo ang DOH ng sertipikasyon.
5. Kapag hindi ka nakapasa sa alinmang kinakailangan na pagsusulit, makipag-ugnayan sa Prometric para mag-iskedyul ulit ng pagsusulit.

### Para makakuha ng sagot na wala sa bulletin na ito

Makipag-ugnayan sa Prometric para sa lahat ng tanong at humingi ng impormasyon tungkol sa proseso ng pagsusulit.

**Prometric**
7941 Corporate Drive
Nottingham, MD 21236
Telepono: 800.324.4689
E-mail: WAHCA@prometric.com
Website: **www.prometric.com/wadoh**

Makipag-ugnayan sa DOH para sa mga tanong tungkol sa sertipikasyon:

**Washington State Department of Health**
**Systems Quality Assurance Division**
**Customer Service Office**
111 Israel Road SE
P.O. Box 47877
Olympia, WA 98504-7877
Telepono: 360.236.4700
Fax: 360.236.2701
E-mail: **Hmccreview@doh.wa.gov**
Website: **www.doh.wa.gov/LicensesPermitsandCertificates**

# Proseso ng Aplikasyon sa Pagsusulit

Inilalarawan ng seksyon na ito ang:

- Mga kinakailangan para maging kwalipikadong kumuha ng pagsusulit sa Sertipikasyon ng HCA.
- Impormasyon kung paano kumpletuhin ang form ng aplikasyon.
- Impormasyon kung paano mag-iskedyul ulit ng appointment para sa pagsusulit.

**Mga Unang Beses na Kukuha ng Pagsusulit:** Kumpletuhin ang **aplikasyon** at ipadala sa DOH ayon sa mga tagubilin na nasa aplikasyon. Aabisuhan ka ng Prometric sa pamamagitan ng email na naglalaman ng higit pang tagubilin kapag naaprubahan ka nang kumuha ng pagsusulit.

**Mga Kukuha ng Pagsusulit Ulit:** Kung hindi ka kinakailangang magsanay ulit, awtomatiko kang paunang irerehistro para sa iyong pagkuha ulit ng pagsusulit at ia-access mo lang ang portal ng Home Care Aide para mag-iskedyul at magbayad para sa iyong pagkuha ulit ng pagsusulit. Kung kinakailangan kang magsanay ulit, kailangan mong magsumite ng bagong aplikasyon gamit ang portal ng Home Care Aide bago ka puwedeng magbayad at mag-iskedyul para sa pagkuha ulit ng pagsusulit.

## Mga Lokasyon ng Pagsusulit

May dalawang posibleng lokasyon kung saan maaaring kuhanin ng mga kandidato ang pagsusulit. Kung ang Programa ng Pagsasanay kung saan mo kinuha ang iyong pagsasanay ay nag-sign up para maging pasilidad na lugar ng pagsusulit doon mo kukunin ang pagsusulit. Kung hindi, kukunin mo ang pagsusulit sa pangrehiyon na sentro ng pagsusulit.

### Pasilidad na lugar ng pagsusulit

Kung nag-aalok ang iyong ng programa ng pagsasanay ng pasilidad na lugar ng pagsusulit, mangagaling sa kanila ang iyong code ng lugar ng pagsusulit (test site code). Siguraduhing ilista ang code ng pasilidad na lugar ng pagsusulit kung saan mo kukunin ang iyong pagsusulit sa form ng aplikasyon ng DOH.

### Pangrehiyon na lugar ng pagsusulit

Kung hindi mo makukuha ang pagsusulit sa lokasyon ng programa ng pagsasanay mo, maaari mo itong kunin sa pangrehiyon na sentro ng pagsusulit. Siguraduhing ilista ang code ng lugar kung saan mo kukunin ang iyong pagsusulit sa form ng aplikasyon ng DOH. Magkakaroon ka ng pagkakataong pumili saan mang pangrehiyon na lugar ng pagsusulit kung ikaw mismo ang nag-iiskedyul.

Makikita ang listahan ng mga pangrehiyon na lugar ng pagsusulit sa:
http://www.prometric.com/wadoh

## Pag-iskedul sa Iyong Mga Pagsusulit

Kapag kumpleto na ang aplikasyon at pagbabayad ng pagsusulit, makakapag-iskedyul ang mga kandidato ng mga pagsusulit sa alinman sa mga madaling puntahan na sentro ng pagsusulit sa mga petsa at oras na naaangkop sa kanilang iskedyul. Ang mga kandidato ay makakapag-iskedyul ng pagsusulit sa portal ng Home Care Aide ng Washington na makikita sa http://www.prometric.com/wadoh

## Sulat para Kunin ang Pagsusulit

Kapag naiskedyul na ang iyong pagsusulit, makakatanggap ka ng sulat Para Kunin ang Pagsusulit **sa pamamagitan ng email**. Ililista ng sulat na ito ang oras, petsa at partikular na lokasyon ng appointment mo ng pagsusulit.

## Impormasyon ng bayarin

Para sa impormasyon sa bayarin bisitahin ang www.prometric.com/wadoh

Ang mga bayarin sa pagsusulit ay **hindi puwedeng i-refund at hindi puwedeng ilipat sa iba**.

Dapat bayaran ang mga bayarin sa mga sumusunod na paraan:

- **Hindi tinatanggap ang mga personal na tseke at cash**.
- Puwede isumite ang mga pagbabayad online sa portal ng Home Care Aide ng Washington na makikita sa http://www.prometric.com/wadoh
- Maaaring gawiin ang pagbabayad gamit ang valid na VISA, MasterCard o American Express na credit card. Beberipikahin ng Prometric ang mga credit card bago iproseso ang pagpaparehistro. Posibleng makaranas ng pagkaatala kapag hindi maberipika ang mga credit card. Iproproseso nang isang beses ang kahilingan na aprubahan ang mga pagbabayad gamit ang credit card; kapag na-decline, kakailanganin ang iba pang uri ng pagbabayad.
- Mga pre-paid voucher

**Patakaran sa refund.** Kapag nalaman na hindi ka kwalipikado para sa muling pagkuha ng pagsusulit, ibabalik sa iyo ang bayad sa pagsusulit.

## Mga Akomodasyon sa Espeysal na Pagsusulit

Ibinibigay ang mga makatwirang akomodasyon sa pagsusulit para bigyang-daan ang mga kandidato na nadokumentong may mga kapansanan sa ilalim ng Batas sa mga Amerikanong May Kapansanan (Americans with Disabilities Act, ADA) ng pagkakataon na ipakita ang kanilang mga kasanayan at kaalaman.

Tatlumpung araw na paunang paunawa ang kinakailangan para sa lahat ng pagsasaayos ng espesyal na pagsusulit. Aabisuhan ka bago iiskedyul ang pagsusulit bilang resulta ng pagsusuri. Walang karagdagang singil para sa mga akomodasyong ito.

**Ingles bilang Pangalawang Wika (Second Language, ESL) na akomodasyon.** Kung Ingles ang iyong pangalawang wika, hindi ituturing na kapansanan ang hadlang sa wika. Gayunpaman, puwede mong piliin na kunin ang pagsusulit sa Russian, Spanish, Ukrainian, Vietnamese, Korean, Simplified Chinese, Somali, Samoan, Khmer, Tagalog, Amharic, Arabic, o Laotian. Ang opsyon na ito ay **dapat** markahan sa form ng aplikasyon bago ang naka-iskedyul na araw ng pagsusulit. **Hindi** mo puwedeng hilingin na kunin ang pagsusulit sa ibang wika sa araw ng pagsusulit.

Kung gusto mong kunin ang pagsusulit sa wika na hindi nakalista sa itaas, kumpletuhin ang form ng mga akomodasyon sa pagsusulit at tukuyin ang wika kung saan mo gustong kunin ang pagsusulit, at isama ang dialekto, kung naaangkop. Maghahanap ang Prometric ng in-person na interpreter para isalin ang pagsusulit sa Kaalaman at kasanayan.

Ang mga form ng Akomodasyon sa Pagsusulit ay puwedeng i-upload sa portal ng Home Care Aide ng WA na makikita sa http://www.prometric.com/wadoh o mag-email sa:

Home Care Aide Program

7941 Corporate Drive

Nottingham, MD 21236

## Muling Pagpapa-iskedyul ng Appointment

Ang mga bayarin sa muling pagpapa-iskedyul ay ang mga sumusunod:

- **$35 na bayarin** para muling magpa-iskedyul **hanggang sampung (10) araw sa kalendaryo** bago ang pagsusulit mo.
- Buong bayarin sa pagsusulit kapag nagpa-iskedyul ka ulit nang mas mababa sa siyam (9) na araw sa kalendaryo bago ang pagsusulit mo, o kung tinanggihan kang tanggapin sa lugar ng pagsusulit.

**Kung absent o late.** Kung napalampas mo ang iyong appointmet o huli kang dumating at hindi pinayagang kumuha ng pagsusulit, mawawala na ang iyong mga ibinayad at dapat magbayad ng isa pa para makakuha ng pagsusulit. Kung napalampas mo ang iyong appointment dahil sa pagkakasakit o emergency, tumawag kaagad sa Prometric. Posibleng ma-waive ang bayarin sa pagpapa-iskedyul ulit kung may katibayan ng pagkakasakit o emergency.

**Emergency na pagsasara.** Maaaring mangailangan ng pagkansela ng mga nakaiskedyul na pagsusulit ang malalang lagay ng panahon o isang emergency: Kapag nangyari ito, susubukan ng Prometric na makipag-ugnayan sa iyo sa pamamagitan ng telepono at email. Maaari ka ring tumawag sa 800.324.4689 para malaman kung sarado ang lugar ng pagsusulit. Kung sarado ang lugar ng pagsusulit, iiskedyul ulit ang iyong pagsusulit nang walang bayarin sa pag-iiskedyul ulit.

**Pagkuha ulit sa pagsusulit** Dapat mong kunin at ipasa ang pagsusulit sa Kasanayan at pagsusulit sa Kaalaman gamit ang tatlong pagsubok sa bawat isa. Kailangan ng bayad sa tuwing kukuha ka ng pagsusulit. Kinakailangang mo lang ulitin ang pagsusulit na hindi mo naipasa maliban sa nakasaad sa ibaba.

✓ **Tandaan** Kung hindi ka nakapasa sa parehong pagsusulit matapos ang tatlong pagsubok, kakailanganin mong muling magsanay sa isang aprubadong programang pagsasanay sa home care aide at kunin ulit ang parehong pagsusulit.

# Buod ng Pagsusulit

Ang Pagsusulit sa Sertipikasyon ng Home Care Aide ng Estado ng Washington ay binubuo ng **Pagsusulit sa kaalaman** at hands-on na pagpapakita na tinutukoy bilang **Pagsusulit sa kasanayan**. **Dapat mong ipasa ang** mga pagsusulit sa Kaalaman at Kasanayan sa loob ng dalawang taon ng pagkumpleto mo sa iyong programa sa pagsasanay sa home care aide. Mayroon kang hanggang tatlong pagsubok. Kung tatlong beses kang hindi nakapasa sa alinman sa pagsusulit sa Kaalaman at Kasanayan, kakailanganin mong muling magsanay at kunin ulit ang pagsusulit sa Kaalaman at Kasanayan.

## Pagsusulit sa Kaalaman

Ang pagsusulit sa Kaalaman ay binubuo ng 60 na multiple-choice na tanong na sumusuri sa iyong pangkalahatang kaalaman sa mga tungkulin sa trabaho ng home care aide. Magkakaroon ka ng 90 minuto para tapusin ang pagsusulit.

Ang pagsusulit sa Kaalaman ay ibibigay sa pamamagitan ng computer. Hindi mo kailangan ng experience sa computer para gamitin ang system na ito. Gagamit ka ng mouse ng computer para piliin ang mga sagot. Makikita ang ilang sampol na tanong **dito**.

Tandaan sa oras ng pagsusulit, magkakaroon ka ng pagpipilian na basahin sa iyo at pakinggan ang mga tanong habang binabasa at sinasagutan ang mga tanong sa computer. Puwede mong i-play ulit ang mga tanong nang maraming beses hangga't kinakailangan sa oras ng pagsusulit.

## Balangkas ng Nilalaman ng Pagsusulit

Nakalista sa ibaba ang mga bahagi na sinasaklaw ng pagsusulit sa kaalaman.

| Balangkas ng Nilalaman ng Pagsusulit sa Kaalaman |
|---|
| 60 tanong—90-minutong oras na limitasyon |

**Tandaan:** Ang sampung tanong sa pagsusulit na ito ay giangamit para sa mga layunin ng pang-istatiska lamang at hindi isasama sa proseso ng pagmamarka.

**Domain I:**

**Mga Tungkulin at Responsibilidad ng Home Care Aide — 38% [19 na tanong]**

- **A. Mga tungkulin at hangganan ng manggagawa**
- **B. Mga karapatan at dignidad ng consumer**
- **C. Pang-aabuso at mandatoryong pag-uulat**
- **D. Pag-oobserba at pag-uulat**
- **E. Mga kasanayan sa pakikipagkomunikasyon**
- **F. Paglutas ng problema**
- **G. Pangangalaga sa sarili ng manggagawa**

**Domain II:**

**Pagsuporta sa Pisikal at Psychosocial na Kagalingan — 44% [22 tanong]**

- **A. Mga pangsuportang aktibidad sa pang-araw-araw na pamumuhay (activities of daily living, ADL)**
- **B. Pangangalaga sa balat**
- **C. Nutrisyon at hydration**
- **D. Medikal na tulong**
- **E. Pagiging angkop sa kultura**
- **F. Kalusugan at kapakanan**
- **G. Pagdadalamhati at pagkawala**

**Domain III:**

**Pagtataguyod sa Kaligtasan — 18% [9 na tanong]**

- **A. Pagkontrol sa Impeksyon**
- **B. Mga pathogen sa dugo at HIV/AIDs**
- **C. Pag-iwas sa Pagkatumba**
- **D. Paghahanda at pangangasiwa ng pagkain**

## Pagsusulit sa Kasanayan

Ang pagsusulit sa Kasanayan ay inoorasan na pagsusulit. Mamarkahan ka sa limang kasanayan. Habang isinagawa ang tatlong itinalagang kasanayan, mamarkahan ka rin sa dalawang karagdagang kasanayan. — Paghuhugas ng kamay at Karaniwang mga Kasanayan sa Pangangalaga. Ang Karaniwang mga Kasanayan sa Pangangalaga ay mga kasanayan na bahagi ng bawat kakayahan, tulad ng mga karapatan ng kliyente, pakikipagkomunikasyon sa kliyente, kaligtasan at kaginhawahan ng kliyente, at pagkontrol ng impeksyon. Para maipasa ang pagsusulit sa Kasanayan, dapat mong ipasa ang lahat ng limang kasanayan.

Ang Checklist ng Kasanayan sa Home Care Aide ay makukuha online sa **www.prometric.com/wadoh**. Sa simula ng pagsusulit sa Kasanayan, bibigyan ka ng evaluator ng mga tagubilin sa pagsasagawa ng tatlong kasanayan para sa isang kliyente. Sasabihin sa iyo ng evaluator kung ilang oras pa ang natitira sa iyong pagsusulit batay sa kasanayan na hiniling sa iyong gawin. Para makapasa sa kasanayan, hindi mo kinakailangang gawin nang perpekto ang kasanayan, pero kinakailangan mong magpakita ng kakayahan na kaya mong gawin ang kasanayan. Papanoorin ng evaluator ang pagsasagawa mo ng kasanayan at ihahambing ang performance mo sa mga checkpoint para sa kasanayan.

Ang mga alituntunin ng pagsusulit ng kasanayan ay nagpapahintulot sa iyong gumawa ng pagwawasto habang isinasagawa ang isang kasanayan. Dapat mong sabihin sa evaluator na gumagawa ka ng pagwawasto habang ginagawa ang kasanayan. Sa sandaling matapos mo ang kasanayan at sinabi sa evaluator na tapos mo nang gawin ang kasanayan, hindi ka na maaaring bumalik para iwasto ang nakaraang kasanayan. Hindi ka bibigyan ng karagdagang oras para iwasto ang isang kasanayan. Dahil isa itong pagsusulit sa sertipikasyon ng estado, hindi pinahihintulutan ang evaluator na tumulong, magturo o bigyan ka ng mga hint sa kung paano gagawin ang kasanayan. Hindi rin pinahihintulutan ang evaluator na talakayin sa iyo ang mga resulta o performance mo.

## Mga kandidatong gumaganap bilang kliyente

Gagamit ka ng mannequin kung kailangang mong ipakita ang pangangalaga sa pribadong bahagi at/o mga kasanayan sa pangangalaga sa catheter. Para sa natitirang mga kasanayan, gaganap bilang kliyente ang iba pang kandidato. Inaasahan sa iyong gaganap ka bilang kliyente para sa iba pang kandidatro ng pagsusulit sa araw ding iyon. Babasahin ng evaluator ang mga tagubilin na nagpapaliwanag sa pagganap ng aktor bilang kliyente bago magsimula ang pagsusulit.

Kung mayroon kang medikal na kondisyon na nakakaapekto sa iyong kakayahan na gumanap bilang kliyente para sa isang kasanayan, tulad ng kung ikaw ay diabetic at hindi puwedeng kumain ng fruit cocktail, mangyaring sabihin sa evaluator kapag nag-sign in ka sa araw ng pagsusulit.

Nasa ibaba ang maikling paglalarawan sa kung ano ang aasahan kapag gumaganap bilang kliyente.

| Kakayahan na isasagawa | Sa pagganap bilang kliyente, ikaw ay |
|---|---|
| Hangganan ng Paggalaw | hihiga sa kama at eehersisyo ang isang balikat, tuhod at bukong-bukong. |
| Pangangalaga sa Paa | uupo sa isang upuan at huhugasan ang isang paa, huhugisan ang mga kuko sa paa gamit ang emery board, at papahiran ng lotion sa paa. |
| Pagtulong sa pagdadamit | uupo sa isang upuan at susuotan ng kamiseta, pantalon, medyas at sapatos sa ibabaw ng iyong mga damit. |
| Pagpapakain sa kliyente | uupo sa isang upuan at pakakainin ng fruit cocktail at papainumin ng tubig. |
| Pagtulong sa paglalakad | lalakad ka nang humigit-kumulang 20 hakbang. |
| Pagtagilid at paglipat ng posisyon | hihiga sa kama at itatagilid sa magkabilang panig, at lalagyan ng padding sa iyong likuran at pagitan ng mga hita para suportahan ang posisyon mo. |
| **Kakayahan na isasagawa** | **Sa pagganap bilang kliyente, ikaw ay** |
| Paglilinis at pagtatago ng mga pustiso | bibigyan ka ng baso para sa pustiso na mayroon nang nakalagay na pustiso rito. Iaabot mo ang basong ito sa kandidato. Hindi ilalagay ang pustiso sa iyong bibig. |
| Paglalagay ng elastic stocking na hanggang tuhod sa kliyente | hihiga sa kama habang isusuot sa iyo ng kandidato sa isang paa mo ang stocking na hanggang tuhod. |
| Paglipat mula sa kama papunta sa wheelchair | hihiga sa kama at tutulungang umupo sa kama, tumayo at lumipat sa wheelchair. |
| Pagbibigay ng pangangalaga sa loob ng bibig | uupo sa isang upuan at sesepilyuhin ang mga ngipin mo. |
| Pagbibigay ng pangangalaga sa kuko at kamay | uupo sa isang upuan at ibababad ang iyong mga kuko, lilinisin ang ilalim ng kuko, at huhugisan ang mga kuko gamit ang emery board. Papahiran rin ng lotion sa balat ang mga kamay. |
| Pagtulong sa kliyente sa pag-inom ng gamot | bibigyan ng candy para sa mga layunin ng pagsusulit na gagamitin bilang kunwaring gamot. Puwede mong nguyain o lunukin ang candy. Ang gagamiting mga candy ay kasing hugis at laki ng mga gamot. Puwede mong suriin ang mga bote ng gamot bago magsimula ang pagsusulit. |

# Pagkuha sa iyong Pagsusulit

Ang malaman kung ano ang aasahan sa pagkuha sa iyong pagsusulit ay maaaring makatulong sa iyong maging handa para rito. Nilalaman ng seksyon na ito ang:

- Listahan kung ano ang dadalhin sa lugar ng pagsusulit.
- Mga patakaran na ipapatupad sa lugar ng pagsusulit.
- Isang Gabay sa pag-unawa sa mga resulta ng iyong pagsusulit.
- Impormasyon tungkol sa pag-apela.

## Ang Dadalhin sa Pagsusulit

Dapat kang dumating nang hindi bababa sa **30 minuto bago** ang naka-iskedyul na oras ng appointment ng pagsusulit mo. Nagbibigay-daan ito sa iyo na mag-sign in at maberipika ng kawani ang iyong pagkakakilanlan. Kailangan mong ibigay ang lahat ng sumusunod na item:

**Sulat para Kunin ang Pagsusulit.** Dapat mong ipakita ang orihinal na sulat na ipinadala sa iyo ng Prometric. Hindi tatanggapin ang mga kopya.

**Identipikasyon (ID).** Dapat kang magpakita ng dalawang valid na uri ng identipikasyon (ID) bago ka kumuha ng pagsusulit. Ang identipikasyon (ID) ay **dapat**"

**1** Inisyu ng gobyerno (hal., lisensya sa pagmamaneho, ID card na inisyu ng estado, ID ng military o pasaporte) na:
**Parehong may** kasalukuyang larawan at pirma mo; at
Ang pangalan ay eksaktong tumutugma sa pangalan na ginamit sa pag-apply sa pagsusulit (kabilang ang mga designasyon tulad ng "Jr." at "III").

**2** Ang pangalawang uri ng identipikasyon ay dapat mayroong pangalan at pirma mo. Kabilang sa mga halimbawa ng tinatanggap na pangalawang uri ng identipikasyon ang library card, lisensya sa pangangaso, card ng Social Security o credit card. Hindi tatanggapin ang mga kopya.

✓ **Mahalaga** Kung hindi ka makakapagbigay ng wastong identipikasyon sa oras n g pagsusulit, ituturing itong napalampas na appointment. Kakailanganin mong magbayad nang buo para sa pagsusulit upang makapag-iskedyul para sa isa pang pagsusulit.

**Mahalaga:** Bago kunin ang pagsusulit, hihilingin sa iyong sagutan ang isang pagpapatotoong tanong sa computer bago bumukas ang pagsusulit. Kung hindi ka sang-ayon sa pagpapatotoong tanong, hindi ka papayagan na kumuha ng pagsusulit. Itatanong sa iyo kung matagumpay mong nakumpleto ang kinakailangang kurso ng pagsasanay para maka-upo sa pagsusulit. May karapatan ang tauhan ng lugar ng pagsusulit na hindi tanggapin ang sinumang kandidato kapag ang ipinakitang identipikasyon ay:

- Mukhang pineke o binago.
- May larawan na hindi kamukha ng kandidatong kukuha ng pagsusulit. Tiyaking na kamakailan na larawan ang nasa iyong identipikasyon.
- May pirma na hindi tumutugma sa pirma ng kandidato.

**Pagdating nang huli** Kung nahuli ka sa iyong appointment na pagsusulit, hindi ka papasukin sa pagsusulit. Kailangan mong magbayad ng isa pa para sa pagsusulit at mag-iskedyul ng bagong appointment sa pagsusulit.

**Ang susuotin.** Para kunin ang pagsusulit sa kasanayan, kinakailangan mong magsuot ng medyas sa loob ng flat, hindi dumudulas na saradong mga sapatos. Iminumungkahi na magbihis ka tulad ng pagpasok mo sa trabaho, magsuot ng mga damit na ligtas at kumportable para sa kasayan na isasagawa mo. Maaaring kang tanggihan na papasukin sa pagsusulit kung hindi naaangkop ang iyong pagdadamit. Kapag hindi ka pinayagan na kunin ang iyong pagsusulit, mawawala ang mga binayad mo sa pagsusulit at kailangang magbayad ng isa pa para sa pagsusulit at iiskedyul ulit ang iyong pagsusulit.

✓ **Tandaan:** Dahil maaaring abutin nang ilang oras ang pagkumpleto sa mga pagsusulit sa Kasanayan at Kaalaman, inirerekomenda na magdala ka ng iyong meryenda at/o pananghalian at inuming hindi naglalaman ng alak. Bagama't hindi pinapayagan ang pagkain at pag-inom habang ginagawa ang pagsusulit, ituturo sa iyo ang mga lugar kung saan puwede kang kumain habang naghihintay sa pagsusulit. Huwag umasa na mayroong mga vending machine sa lugar ng pagsusulit.

## Mga Patakaran ng Sentro ng Pagsusulit

Ang mga sumusunod na patakaran ay oobserbahan sa bawat lugar ng pagsusulit. Kung hindi mo susundin ang mga patakarang ito, magreresulta ito sa diskuwalipikasyon ng pagsusulit mo. Nakalaan sa Prometric ang mga karapatan na i-audiotape at i-videotape ang anumang sesyon ng pagsusulit.

**Mga Sanggunian**

- Hindi pinapayagan sa sentro ng pagsusulit ang mga sangguniang materyal o materyal sa pag-aaral. Kapag nalaman na mayroon ka nito o anumang iba pang makakatulong, hindi ka papayagan na ipagpatuloy ang pagsusulit at hindi mamarkahan ang mga sagot mo.

**Mga Personal na Gamit**

- Walang pananagutan ang Prometric para sa mga personal na gamit na dinala sa sentro ng pagsusulit. Inirerekomenda na huwang magdala ng mga personal na gamit sa lugar ng pagsusulit. Tandaan ang mga sumusunod:
- Ang elektronikong kagamitan ay **hindi** pinapayagan sa lugar ng pagsusulit. Kabilang dito ang **mga cell phone**, pager, camera, recording device, atbp. Ang lahat ng gamit na ito ay kokolektahin ng Evaluator na Nurse Aide (Nurse Aide Evaluator, NAE).
- Iba pang personal na gamit—ang mga pitaka, briefcase, atbp.—ay hindi pinapayagan sa lugar ng pagsusulit. **Tandaan:** Inirerekomenda na huwag magdala ng mga pitaka sa sentro ng pagsusulit. Hindi pinahihintulutan ang pag-access sa mga pitaka sa oras ng pagsusulit.

**Mga Restroom Break**

- Kapag umalis ka sa silid ng pagsusulit habang ginagawa ang pagsusulit, dapat kang mag-sign out/in sa roster, at mababawasan ang oras mo sa pagsusulit.
- Hindi ka magkakaroon ng access sa anumang personal na gamit sa oras ng break na ito.
- Hindi ka pinahihintulutang gumamit ng anumang elektronikong device o telepono sa oras ng mga break.

**Mga Bisita**

- Hindi pinapayagan sa sentro ng pagsusulit ang mga guest, bisita, anak o kapamilya.

**Maling asal o nakakagambalang pag-uugali**

- Kapag nasangkot ka sa anumang nakakagambalang pag-uugali, paaalisin ka mula sa pagsusulit. Kapag pinaalis, mawawalan ng bisa ang mga resulta ng iyong pagsusulit, at iuulat ang mga detalye ng maling asal sa Board of Nursing. Ang mga halimbawa ay pagbibigay o pagtanggap ng tulong, **pagtunog ng mga cell phone sa sentro ng pagsusulit**, pagsasalita ng mga resident na aktor, paghudyat o paggalaw na hindi inuutos na gawin ito, pakikibahagi sa kilos na pagpapanggap, pag-alis sa mga materyal ng pagsusulit o mga tala mula sa loob ng silid ng pagsusulit, paggamit ng bastos o nakakasakit na salita at pag-uugali na nagsasanhi ng pag-antala o paggambala sa pagsusulit.

**Mga Armas**

- Hindi pinahihintulutan ang mga armas sa sentro ng pagsusulit.

✓ **Mahalaga** Sa tuwing papasok sa silid ng pagsusulit, hihilingin sa iyong ipakita ang loob at labas ng iyong mga bulsa para kumpirmahin na wala kang dalang ipinagbabawal na bagay. Kokolektahin ng tagapangasiwa ng sentro ng pagsusulit ang anumang materyal na lumalabag sa mga patakarang ito.

**Mga copyrighted na tanong.** Ang lahat ng tanong ay pag-aari ng Kagawaran ng Kalusugan ng Estado ng Washington at protektado ng copyright. Nagbibigay ang pederal na batas ng matinding sibil at kriminal na parusa para sa hindi awtorisadong paggawa ng kopya, pamamahagi, o eksibisyon ng mga copyrighted na materyal.

## Mga Resulta ng Pagsusulit Mo

Iuulat ang mga resulta ng pagsusulit mo sa DOH matagumpay mo man nakumpleto o hindi ang parehong bahagi ng pagsusulit.

### Pagsusulit sa kaalaman

Dahil sa computer ibinibigay ang iyong pagsusulit, ipapakita ang paunawa ng pagkumpleto sa katapusan ng iyong pagsusulit. Matapos nito, ipapadala sa iyo sa email ang karagdagang impormasyon kung paano makukuha ang iyong ulat ng marka. **Hindi pinahihintulutan ang tauhan ng lugar ng pagsusulit na talakayin sa iyo ang mga resulta o performance mo**.

Para makapasa sa Pagsusulit sa kaalaman, dapat kang makakuha ng maraming bilang ng wastong sagot sa mga tanong. Hindi mo kinakailangang ipasa ang bawat bahagi ng nilalaman. Dahil dito, posibleng magkaroon ng hindi pasadong marka sa ilang bahagi ng nilalaman sa Pagsusulit sa kaalaman at magkaroon pa rin ng pasadong marka sa pangkalahatang resulta. Kahit na matagumpay kang nakapasa, mariin na hinihikayat sa iyo na tumuon sa mga bahaging iyon na nangangailangan ng karagdagang atensyon kapag nagsimula ka nang magbigay ng pangangalaga sa publiko.

### Pagsusulit sa kasanayan

Matapos mong makumpleto ang iyong Pagsusulit sa kasanayan, makakatanggap ka ng Paunawa ng Pagkumpleto sa pamamagitan ng email na may impormasyon sa kung paano makukuha ang iyong ulat ng marka. Ililista ng ulat ng marka ang bawat kasanayan at kung naipasa mo hindi ang kasanayan. Dapat mong maipasa ang lahat ng limang kasanayan para makapasa ang Pagsusulit sa kasanayan. Kapag hindi ka nakapasa sa iyong pagsusulit, makakatanggap ka ng impormasyon tungkol sa pagkuha ulit sa pagsusulit. **Hindi pinahihintulutan ang evaluator na nagbibigay ng Pagsusulit sa kasanayan na talakayin sa iyo ang mga resulta o performance mo**.

✓ **Tandaan** Kumpidensyal ang mga resulta at hindi ibinibigay sa pamamagitan ng telepono.

Ang anumang tanong o komento tungkol sa iyong pagsusulit ay dapat idirekta sa Prometric sa 800.324.4689.

## Proseso ng Apela

Ang aming layunin ay magbigay ng de-kalidad at magadang karanasan sa pagsusulit sa bawat kandidato. Kung hindi ka nasisiyahan sa alinman at naniniwalang maitatama namin ang problema, gusto naming malaman ang saloobin mo. Nagbibigay kami ng pagkakataon para sa pangkalahatang komento sa katapusan ng pagsusulit mo. Rerepasuhin ang iyong mga komento ng aming tauhan, ngunit hindi ka makakatanggap ng direktang tugon.

Kung nais mong magsumite ng apela tungkol sa nilalaman ng pagsusulit, pagpaparehistro, pag-iskedyul, o pangangasiwa sa pagsusulit (mga pamamaraan sa lugar ng pagsusulit, kagamitan, tauhan, atbp.), mangyaring magsumite ng apela sa pamamagitan ng pagpunta sa https://www.prometric.com/contact-us

Rerepasuhin ng Komite ng Pag-apela ang iyong alalahanin at magpapadala sa iyo ng nakasulat na tugon sa loob ng 20 araw na may pasok mula sa petsa ng pagtanggap.